



ANG KASULATAN NG MGA KARAPATAN AT MGA KALAYAAN NG CANADA



sa panahon ng pagsentensiya, ang magiging harol ay sa kapakinabangan ng mas mababang parusa. 12. Ang lahat ay may karapatang hindi mapailalim sa anumang malupit at hindi karaniwang pagtrato o parusa. 13. Ang isang saksi na tumestigo sa anumang paglilitis ay may karapatang hindi magamit ang anumang nagsasangkot na ebidensiya na ibinigay sa ganoong paraan upang masangkot ang saksing iyon sa anumang ibang paglilitis, maliban sa isang pag-uusig para sa paglabag sa panunumpa nang walang-katorohanan o sa pagbigay ng magkasalungat na ebidensiya. 14. Ang isang partido o saksi sa anumang mga paglilitis na hindi nakakaintindi o nakakapagsalita ng wika na ginamit para sa paglilitis o kaya ay bingi ay may karapatang makakuha ng tulong ng isang tagasaling-wika.

Mga Karapatan sa Pagkakapantay

15. *(1)* Ang lahat ay pantay-pantay sa harap at sa ilalim ng batas at may karapatan sa pantay na proteksyon at pantay na benepisyo ng batas nang walang diskriminasyon at, higit sa lahat, nang walang diskriminasyon batay sa lahi, pambansa o etnikong pinanggalingan, kulay, relihiyon, kasarian, edad o pangkaisipan o pangkatawang kapansanan. *(2)* Hindi hinahadlangan ng subseksyon *(1)* ang anumang batas, programa o gawain na ang pagpapaunlad ng mga kondisyon ng mga tao o mga grupong may mga hadlang, kabilang ang mga may hadlang dahil sa lahi, pambansa o etnikong pinanggalingan, kulay, relihiyon, kasarian, edad o pangkaisipan o pangkatawang kapansanan.

Mga Opisyal na Wika ng Canada

16. *(1)* Ang Ingles at Pranses ay ang mga opisyal na wika ng Canada at may pantay na katayuan at pantay na mga karapatan at mga pribilehiyo pagdating sa kanilang paggamit sa lahat ng mga institusyon ng Parlamento at ng pamahalaan ng Canada. *(2)* Ang Ingles at Pranses ay ang mga opisyal na wika ng New Brunswick at may pantay na katayuan at pantay na mga karapatan at mga pribilehiyo pagdating sa kanilang paggamit sa lahat ng mga institusyon ng lehislatura at ng pamahalaan ng New Brunswick. *(3)* Wala sa Kasulatan na ito ang nagbibigay-hangganan sa awtoridad ng Parlamento o ng isang lehislatura sa pagtaguyod ng pantay na katayuan o paggamit ng Ingles at Pranses. 16.1 *(1)* Ang komunidad na nagsasalita ng Ingles at ang komunidad na nagsasalita ng Pranses sa New Brunswick ay may pantay na katayuan at pantay na mga karapatan at mga pribilehiyo, kabilang ang karapatan sa mga tanging institusyon sa pag-aaral at mga tanging institusyon sa kultura na maaring kailanganin upang pangalagaan at itaguyod ang mga komunidad na iyon. *(2)* Ang tungkulin ng lehislatura at pamahalaan ng New Brunswick upang pangalagaan at itaguyod ang katayuan, mga karapatan at mga pribilehiyo na tinukoy sa subseksyon *(1)* ay pinagtitibay. *17. (1)* Ang lahat ay may karapatang gamitin ang Ingles o Pranses sa anumang mga debate at iba pang mga hakbang ng Parlamento. *(2)* Ang lahat ay may karapatang gamitin ang Ingles o Pranses sa anumang mga debate at iba pang mga hakbang ng lehislatura ng New Brunswick. 18. *(1)* Ang mga batas, mga rekord at mga talaarawan ng Parlamento ay ililimbag at ilalathala sa Ingles at Pranses at ang parehong mga bersiyon na ito sa dalawang wika ay magkapantry na dapat sundin. *(2)* Ang mga batas, mga rekord at mga talaarawan ng lehislatura ng New Brunswick ay ililimbag at ilalathala sa Ingles at Pranses at ang parehong mga bersiyon na ito sa dalawang wika ay magkapantry na dapat sundin. 19. *(1)* Ang alinman sa Ingles o Pranses ay maaaring gamitin ng sinumang tao sa, o sa anumang pangangatwiran sa o



prosesong nagmumula sa, anumang hukumang itinatat ng Parlamento. *(2)* Ang alinman sa Ingles o Pranses ay maaaring gamitin ng sinumang tao sa, o sa anumang pangangatwiran sa o prosesong nagmumula sa, anumang hukuman ng New Brunswick. 20. *(1)* Ang sinumang kasapi ng madla sa Canada ay may karapatang makipag-usap sa, at tumanggap ng mga makukuhang serbisyo mula, sa alinmang nangunguna o punong tanggapan ng isang institusyon ng Parlamento o pamahalaan ng Canada sa Ingles o Pranses, at may parehong karapatan hinggil sa alinmang ibang tanggapan ng alinmang ganoong institusyon kung saan *(a)* may malaking pangangailangan para sa pakikipag-usap sa at mga serbisyo mula sa tanggagapng iyon sa ganoong wika; o kaya *(b)* dahil sa katangian ng tanggapan, makatwiran ang makipag-usap sa at makakuha ng mga serbisyo mula sa tanggagapng iyon sa Ingles at Pranses. *(2)* Ang sinumang kasapi ng madla sa New Brunswick ay may karapatang makipag-usap sa, at tumanggap ng mga makukuhang serbisyo mula, sa alinmang tanggapan ng isang institusyon ng lehislatura o pamahalaan ng New Brunswick sa Ingles o Pranses. 21. Wala sa mga seksyon 16 hanggang 20 ang nagpapawalang-bisa o nagpapahina sa alinmang karapatan, pribilehiyo o obligasyon hinggil sa mga wikang Ingles at Pranses, o alinman sa kanila, na umiiral o ipinagpapatuloy dahil sa alinmang ibang tadhana ng Saligang-batas ng Canada. 22. Wala sa mga seksyon 16 hanggang 20 ang nagpapawalng-bisa o nagpapahina sa alinmang alinunod sa batas na karapatan o karaniwang karapatan o pribilehiyo na nakuha o tinatamasa bago o pagkatapos ng pagkabisang ng Kasulatang ito hinggil sa alinmang wika na hindi Ingles o Pranses.

Mga Karapatan sa Pag-aaral sa Pamamagitan ng Wikang Minoridad

23*(1)* Ang mga mamamayan ng Canada *(a)* na ang pangunahing wikang natutunan at nauunawaan pa rin ay ang Ingles o Pranses na wikang minoridad sa populasyon ng probinsiya kung saan sila naninirahan, o *(b)* na ang pag-aaral sa mababang paaralan sa Canada ay sa Ingles o Pranses at nakatira sa isang probinsiya kung saan ang wikang ginamit sa pagtuturo sa kanila ay ang wikang Ingles o Pranses na wikang minoridad sa populasyon ng probinsiya, ay may karapatang maturuan ang kanilang mga anak sa mababa at mataas na paaralan sa wikang iyon sa probinsiyang iyon. *(2)* Ang mga mamamayan ng Canada na may anak na tinuruan o tinuturuan sa mababa o mataas na paaralan sa Ingles o Pranses sa Canada, ay may karapatang maturuan ang lahat ng kanilang mga anak sa mababa at mataas na paaralan sa kaparehong wika. *(3)* Ang karapatan ng mga mamamayan ng Canada sa ilalim ng mga subseksyon *(1)* at *(2)* na maturuan ang kanilang mga anak sa mababa at mataas na paaralan sa wikang Ingles o Pranses na wikang minoridad sa populasyon ng probinsiya *(a)* ay isasagawa sa kung saanmng probinsiya kung saan ang bilang ng mga anak ng mga mamamayan na may ganoong karapatan ay sapat upang bigyang-katwiran ang pagkakaloob sa kanila mula sa mga pangmadlang pondo ng pagruturo sa wikang minoridad; at *(b)* kabilang, kung saan nagbibigay-katwiran ang bilang ng mga batang iyon, ang karapatan na maturuan sila nang ganoon sa mga pasilidad sa pag-aaral sa wikang minoridad na ipinagkakaloob mula sa mga pangmadlang pondo.

Pagpapatupad

24. *(1)* Ang sinuman na ang mga karapatan o kalayaan, na ginagarantiya ng Kasulatang ito, ay nilabag o tinanggihan ay maaaring humiling sa isang hukuman

na may-kakayahang kapangyarihan na humingi ng remedyo na tinuturing ng hukuman na angkop at makatarungan sa mga pangyayari. *(2)* Kung saan, sa mga paglilitis sa ilalim ng subseksyon *(1)*, ipinagtibay ng hukuman na ang ebidensiya ay kinuha sa paraang lumabag o tumanggi sa anumang mga karapatan o mga kalayaan na ginagarantiya ng Kasulatang ito, ang ebidensiya ay hindi tatanggapin kung napatunayan na, kapag isinaalang-alang ang lahat ng mga pangyayari, ang pagtanggap nito sa mga paglilitis ay makakasira sa pamamahala ng katarungan.

Pangkalahatan

25. Ang garantiya sa Kasulatang ito ng ilang mga karapatan at mga kalayaan ay hindi ituturing na nagpapawalng-bisa o nagpapahina sa anumang aborihinal, kasunduan o iba pang mga karapatan o mga kalayaan na nauukol sa mga aborihinal na tao ng Canada kabilang ang *(a)* alinmang mga karapatan o mga kalayaan na kinilala ng Royal Proclamation *(Mabarikang Pagpapahayag)* ng ika-7 ng Oktubre 1763; at *(b)* alinmang mga karapatan o mga kalayaan na umiiral ngayon sa pamamagitan ng mga kasunduan sa paghahabol sa lupa o na maaaring makuha sa ganoong paraan. 26. Ang garantiya sa Kasulatang ito ng ilang mga karapatan at mga kalayaan ay hindi ituturing na tumatanggi sa pagkakaroon ng alinmang iba pang mga karapatan o mga kalayaan na umiiral sa Canada. 27. Ang Kasulatang ito ay ipapakahulugan sa isang paraang kaayon ng pangangalaga at pagpapahusay ng iba't-ibang kulturang pamana ng mga Canadian. 28. Sa kabila ng anumang bagay sa Kasulatang ito, ang mga karapatan at mga kalayaan na tinukoy dito ay ginagarantiya nang pantay sa mga lalaki at babae. 29. Wala sa Kasulatang ito ang nagpapawalng-bisa o nagpapahina sa alinmang mga karapatan o pribilehiyo na ginarantiya ng o sa ilalim ng Saligang-batas ng Canada hinggil sa mga paaralang panrelihiyon, hiwalay o nagpapahayag ng pagtutol. 30. Ang isang pagtukoy sa Kasulatang ito sa isang probinsiya o sa pambatasang kapulungan o lehislatura ng isang probinsiya ay ituturing na nagsasama ng pagtukoy sa Yukon Territory at Northwest Territories, o sa angkop na pambatasang awtoridad nito, alinman ang naaangkop. 31. Wala sa Kasulatang ito ang magpapalawak sa mga lehislatibong kapangyarihan ng alinmang lupon o awtoridad.

Pagsasagawa ng Kasulatan

32. *(1)* Ang Kasulatang ito ay isasagawa *(a)* sa Parlamento at pamahalaan ng Canada hinggil sa lahat ng mga bagay sa loob ng awtoridad ng Parlamento kabilang ang lahat ng mga bagay na nauukol sa Yukon Territory at Northwest Territories; at *(b)* sa lehislatura at pamahalaan ng bawa't probinsiya hinggil sa lahat ng mga bagay sa loob ng awtoridad ng lehislatura ng bawa't probinsiya. *(2)* Sa kabila ng subseksyon *(1)*, ang seksyon 15 ay hindi magkakabisa hanggang tatlong taon pagkatapos na magkabisang ang seksyong ito. 33. *(1)* Ang Parlamento o ang lehislatura ng isang probinsiya ay maaaring maliwanag na magpahayag sa isang Batas ng Parlamento o ng lehislatura, alinman ang naaangkop, na ang Batas o ang isang tadhana nito ay magkakabisa sa kabila ng isang tadhana na kabilang sa seksyon 2 o mga seksyon 7 hanggang 15 ng Kasulatang ito. *(2)* Ang isang Batas o isang tadhana ng isang Batas na batayan ng pagkakabisa ng pagpapahayag na ginawa sa ilalim ng seksyong ito ay magkakaroon ng ganoong epekto maliban kung iba ang nakasaad sa tadhana ng Kasulatang ito na tinukoy sa pagpapahayag. *(3)* Ang isang pagpapahayag na ginawa sa ilalim ng subseksyon *(1)* ay mawawalan ng bisa limang taon pagkatapos nitong magkabisang o sa mas maagang petsa na maaaring banggitin sa pagpapahayag. *(4)* Maaaring isabatas muli ng Parlamento o ng lehislatura ng isang probinsiya ang isang pagpapahayag na ginawa sa ilalim ng subseksyon *(1)*. *(5)* Ang subseksyon *(3)* ay isasagawa hinggil sa pagsasabatasp muli na ginawa sa ilalim ng subseksyon *(4)*.

Pagbanggit

34. Ang Bahaging ito ay maaaring banggitin bilang ang *Kasulatan ng mga Karapatan at mga Kalayaan ng Canada*.

“Kinakailangan na natin ngayong magtatag ng mga pangunahing prinsipyo, ang pangunahing mga kahalagahan at mga paniniwala na siyang dahilan upang naging magkakasama-sama tayo bilang mga Canadian para higit pa sa mga katapatan sa rehiyon, ay mayroong isang pamamaraan sa buhay at isang sistema ng mga kahalagahan na siyang sanhi ng ating pagmamahal sa bansa na nagdulot sa atin ng lubos na kapayapaan at lubos-lubusang kasiyahan.”

P.E. Trudeau 1981

■ Sapagka't ang Canada ay itinatatag sa mga prinsipyo na kumikilala sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos at pamamahala ng batas:

Garantiya ng mga Karapatan at mga Kalayaan

1. Ginagarantiya ng *Kasulatan ng mga Karapatan at mga Kalayaan ng Canada* ang mga karapatan at mga kalayaan na nakatakda rito, nababatay lamang sa mga makatwirang hangganan na iniataas ng batas ayon sa mabibigyang-katwiran nang may pagpapatunay sa isang malaya at demokratikong lipunan.

Mga Pangunahing Kalayaan

2. Ang lahat ay mayroong mga sumusunod na pangunahing kalayaan: *(a)* kalayaan ng konsiyensiya at relihiyon; *(b)* kalayaan ng kaisipan, paniniwala, kuru-kuro at pagpapahayag, kabilang ang kalayaan ng pahayagan at iba pang paraan ng komunikasyon; *(c)* kalayaang magkaroon ng mapayapang pagtitipon; at *(d)* kalayaang makipag-ugnayan.

Mga Demokratikong Karapatan

3. Ang bawa't mamamayan ng Canada ay may karapatang bumoto sa isang halalan ng mga kasapi ng House of Commons o ng isang pambatasang kapulungan at maging karapat-dapat sa pagiging kasapi dito. 4.*(1)* Walang House of Commons at walang pambatasang kapulungan ang magpapatuloy nang higit sa limang taon mula sa petsa na itinakda para sa pagsasauli ng mga kasulatan sa isang pangkalahatang halalan ng kanyang mga kasapi. *(2)* Sa panahon ng tunay o pinangangambahang digmaan, pagsalakay o himagsikan, maaaring ipagpatuloy ng Parlamento ang House of Commons at maaaring ipagpatuloy ng lehislatura ang pambatasang kapulungan nang lampas ng limang taon kung ang ganitong pagpapatuloy ay hindi tinututulan ng mga boto nang higit pa sa isang-ikatlo ng mga kasapi ng House of Commons o ng pambatasang kapulungan, alinman ang naaangkop. 5. Magkakaroon ng pagpupulong ng Parlamento at ng bawa't lehislatura nang hindi kukulangin sa isang beses bawa't labindalawang buwan.

Mga Karapatang Kumilos

6. *(1)* Ang bawa't mamamayan ng Canada ay may karapatang pumasok, manatili, at umalis sa Canada. *(2)* Ang bawa't mamamayan ng Canada at ang bawa't taong may katayuan ng isang permanenteng naninirahan sa Canada ay may karapatang *(a)* lumipat at tumira sa alinmang probinsiya; at *(b)* magsikap na maghanap-buhay sa alinmang probinsiya. *(3)* Ang mga karapatang nakatakda sa subseksyon *(2)* ay mapapailalim sa *(a)* anumang mga batas o mga pamamaraan ng pangkalahatang pagsasagawa na umiiral sa isang probinsiya maliban sa mga nagtatangi sa mga tao na batay unang-una sa probinsiya ng kasalukuyan o dating tirahan; at *(b)* anumang mga batas na nagkaloob ng mga makatwirang pangangailangan sa paninirahan bilang kwalipikasyon sa pagtanggap ng mga panlipunang serbispong ipinagkakaloob nang hayagan. *(4)* Hindi hinahadlangan ng subseksyon *(2)* at *(3)* ang anumang batas, programa o gawain na ang layunin ay ang pagpapaunlad sa isang probinsiya ng mga kondisyon ng mga tao sa probinsiyang iyon na may panlipunan o pangkabuhayang hadlang kung ang porsiyento ng dami ng mga taong may trabahong sa probinsiyang iyon ay mas mababa sa porsiyento ng dami ng mga taong may trabahong sa Canada.

Mga Karapatan Alinunod sa Batas

7. Ang lahat ay may karapatan sa buhay, kalayaan, at kaligtasan ng tao at may karapatang hindi bawian nito maliban kung alinunod sa mga prinsipyo ng pangunahing hustisiya. 8. Ang lahat ay may karapatang maging ligtas laban sa di- makatwirang paghahanap o pagsamsam. 9. Ang lahat ay may karapatang hindi mabinbin o mabilanggo nang di-makatwiran. 10. Ang lahat ay may karapatan, kapag inaresto o nabinbin *(a)* na mabigyang-kaalaman kaagad ng mga dahilan ukol dito; *(b)* na magpanatili ng abugado at sabihan ito kaagad at na masabihan tungkol sa ganoong karapatan; at *(c)* na mapatiyak ang pagkakaroon ng bisa ng detensyon sa pamamagitan ng *habeas corpus* at na pakawalan kung ang detensyon ay labag sa batas. 11. Ang sinumang mga taong pinagbintangan ng isang sala ay may karapatang *(a)* mabigyang-kaalaman nang walang di-makatwirang katagalan ng partikular na sala; *(b)* malitis sa loob ng makatwirang panahon; *(c)* hindi mapilitang maging saksi sa mga paglilitis laban sa taong iyon hinggil sa sala; *(d)* ituring na walang sala hanggang napatunayan ng isang nagsasarili at walang- pinapanigang husgado na may sala alinunod sa batas sa isang makatarungan at pembayang paglilitis; *(e)* hindi pagkaitan ng makatwirang piyansa nang walang makatarungang dahilan; *(f)* maliban sa kaso ng isang sala sa ilalim ng batas militar na dati nilitis sa isang militar na husgado, para sa kapakinabangan ng paglilitis sa pamamagitan ng hurado, kung saan ang pinakamabigat na parusa para sa nagkasala ay ang pagbilanggo nang limang taon o mas mabigat pang parusa; *(g)* hindi mapagpasiyahang may sala dahil sa anumang kilos o ang hindi pagkilos maliban kung, nang ginawa ang kilos o ang hindi pagkilos, ito ay itinuturing na isang pagkakasala sa ilalim ng batas sa Canada o ng pandaigdig o ito ay itinuturing na kriminal ayon sa mga pangkalahatang prinsipyo ng batas na kinikilala ng komunidad ng mga bansa; *(h)* kung sa huli ay napawalang-sala sa paglabag, hindi malitis muli para dito at, kung sa huli ay natuklasang may-sala at pinarusahan para sa paglabag, hindi malitis o maparusahan muli para dito; at *(i)* kung natuklasang may-sala sa pagkasala at kung ang parusa para sa pagkasala ay iniba sa pagitan ng panahon na ito ay naganap at

Ang kasalukuyang teksto ay para sa mga Canadian kung kanino ang Ingles o Pranses ay hindi sariling wika. Ang tekstong ito ay hindi dapat ituring na opisyal na pagsasalin ng *Kasulatan ng mga Karapatan at mga Kalayaan ng Canada*. Ang mga Ingles at Pranses na orihinal na teksto lamang ang dapat gamitin para sa mga layunin o pagpapakahulugan o pagpapaliwanag ng Kasulatan.